

RESOLUSYON
PAGKILALA SA SUPORTA PARA SA
PAMBANSANG KAMPANYANG MY NAME, MY IDENTITY (AKING PANGALAN, AKING PAGKAKAKILANLAN)
LUPON NG EDUKASYON NG SANTA CLARA COUNTY
RESOLUSYON Num.

KUNG SAAN, pinagmamalaki ng Tanggapan ng Edukasyon ng Santa Clara County ang pagsali sa Pambansang Samahan para sa Bilingual na Edukasyon sa pagtaguyod ng pambansang plataporma para sa Kampanyang My Name, My Identity; at

KUNG SAAN, ang Kampanyang My Name, My Identity Campaign ay pagkakataon para bumuo ng kulturang nagbibigay ng respeto sa ating mga paaralan at komunidad na nagpapahalaga sa kaibahan at nagtataguyod ng pandaigdigang kaalaman; at

KUNG SAAN, nakatuon ang kampanya sa pagbabahagi ng mga kuwento tungkol sa mga pangalang may pangkulturang konteksto, pagkilos para lumikha ng marespeto at inklusibong kapaligiran sa mga komunidad ng paaralan, at nagbibigay inspirasyon sa mga indibiduwal para sumumpa sa tamang pagbigkas ng mga pangalan ng mga mag-aaral at matutunan ang mga kuwento tungkol sa mga pangalang iyon; at

KUNG SAAN, ang tamang pagbigkas ng mga pangalan ng mga mag-aaral ay ang unang hakbang sa pagrespeto, pagbibigay halaga at pagkonekta sa mga mag-aaral at mga pamilya, pinatitibay ang diwa ng mag-aaral sa pananatili sa paaralan, pagpapayaman sa kumpiyansa ng mga mag-aaral sa sarili at sarili nilang diwa ng pagkakakilanlan, pagkilala sa kahalagahan ng pagkakaiba, paghihikayat sa mas maraming mag-aaral na maging multiliterate, at lumikha ng oportunidad na bumuo ng kaalaman sa kultura at wika sa ating mga pandaigdigang komunidad; at

KUNG SAAN, may hindi bababa sa 58 wikang sinasalita ng mahigit sa 108,367 mag-aaral sa kindergarten hanggang ika-labingdalawang baitang, 39 na porsiyento ng populasyon sa Santa Clara County; at

KUNG SAAN, naniniwala ang Tanggapan ng Edukasyon ng Santa Clara County na ang Kampanyang My Name, My Identity Campaign ay naglalagat ng solidong pundasyon ng pagtataguyod sa mga kahusayan at kaisipan ng nagbibigay ng kapangyarihan sa ating mag-aaral para maging mga pandaigdigang mamamayan;

NGAYON, SAMAKATUWID, NAPAGKAISAHAN, na sinusuportahan at ine-endorso ng Lupon ng Edukasyon ng Santa Clara County at ng Superintendente ng Mga Paaralan ng County ang pagtaguyod ng **Kampanyang My Name, My Identity**.

IPINASA AT PINATUTUPAD ng Lupon ng Edukasyon ng Santa Clara County sa pulong na isinagawa noong Pebrero 3, 2016, sa pamamagitan ng sumusunod na boto:

MGA OO:

MGA HINDI:

WALANG KINILINGAN:

HINDI DUMALO:

Rosemary Kamei, Presidente
Lupon ng Edukasyon ng Santa Clara

Mary Ann Dewan, Ph.D.
Superintendente ng Mga Paaralan ng County